

# GINAGAWANG MAS MABUTI ANG BUHAY

## BUDGET 2019



Kahanga-hangang lugar ang British Columbia na puno ng walang katulad na natural na kagandahan, masisipag na tao at umuunlad na ekonomiya. Ngunit ang isang tunay na maunlad na ekonomiya ay dapat na gumana para sa lahat. Kailangan nitong lumikha ng mga oportunidad para sa mga tao ngayon,

habang natutugunan ang mga hamon ng hinaharap.

Nagsisikap kaming mas pabutihin ang buhay sa pamamagitan ng pagbibigay ng pinahusay na pangangalaga sa kalusugan, edukasyon, at pangangalaga sa bata para sa iyong pamilya. Ibinabalik ng Budget 2019 ang pera sa balsa ng mga British Columbians at lumilikha ng mga pagkakataon para magawa ng bawat tao na maabot ang kanilang ganap na potensyal sa bagong B.C. Ang Child Opportunity Benefit, ang pag-aalis ng interes sa pautang sa estudyante ng B.C. at mga MSP premium, at ang pinakamalaking pamumuhunan sa imprastruktura sa kasaysayan ng B.C.

Sumusulong ang Budget 2019 kasama ng CleanBC, na naglalagay sa ating probinsiya papunta sa mababang karbon na ekonomiya na lumilikha ng mga oportunidad habang pinoprotektahan ang ating malinis na hangin, lupa, at tubig.

Patungo sa pagsulong ng tunay at pangmatagalang pakikipagkaisa sa Katutubong mga tao, nagpapakilala ang Budget 2019 ng makasaysayang 25 taong kasunduan sa paghahati ng kita sa mga Unang Bansa, na nangangahulugan ng bilyon-bilyong dolyar ng matatag, pangmatagalang pagpopondo para sa mga komunidad ng mga Unang Bansa.

Gumagana ang Budget 2019 upang masiguro na ang lahat ay may mga oportunidad na kinakailangan nila para magtagumpay. Makakatulong sa atin ang mga pamumuhunang ginagawa natin sa pagbuo ng malakas, sustinableng ekonomiya na gumagana para sa mga tao ngayon, at sa para darating pang mga henerasyon.

HONOURABLE CAROLE JAMES  
MINISTER OF FINANCE AND DEPUTY PREMIER

# GINAGAWANG MAS ABOT -KAYA ANG IYONG BUHAY

**INUUNA NG ATING PAMAHALAAN ANG MGA TAO AT NAGSISIKAP KAMI NA GAWING MAS ABOT-KAYA ANG BUHAY PARA SA IYO AT IYONG PAMILYA.**

Sa nakaraang taon, sinimulan namin ang isa sa pinakamalaking mga bawas-buwis sa panggitnang uri sa kasaysayan ng B.C. sa pamamagitan ng pagbabawas nang 50 % sa premium ng Medical Services Plan (MSP). Ibinabalik nito sa balsa ng mga tao ang \$450 para sa mga indibidwal at \$900 para sa mga pamilya.



Ganap na aalisin ng Budget 2019 ang mga premium ng MSP sa Enero 1, 2020, makakatipid ang mga pamilya nang hanggang \$1,800 bawat taon.



## B.C. CHILD OPPORTUNITY BENEFIT

**DAPAT NA MAY MGA PAGKAKATAON ANG BAWAT BATANG NASA B.C. NA KINAKAILANGAN NILA PARA UMUNLAD.**

Ipinapakilala ng Budget 2019 ang bagong B.C. Ibabalik ng Child Opportunity Benefit ang mas maraming dolyar sa balsa ng mga pamilyang panggitnang-uri. Pinapalitan ng benepisyo ang Early Childhood Tax Benefit, na nagbibigay sa mga pamilya ng mahalagang mas maraming suporta nang tatlong beses sa parehong mga taon. Simula sa Oktubre 2020, ang mga pamilyang may isang anak ay tatanggap ng hanggang \$1,600 bawat taon, ang may dalawang anak ay tatanggap ng hanggang \$2,600, at ang may tatlong anak ay tatanggap ng hanggang \$3,400.




## GAWA SA B.C. CHILD CARE PLAN

Para mapangalagaan ang mga bata at mapaunlad ang mga pamilya, ginawa ng ating pamahalaan ang pinakamalaking pamumuhunan sa pangangalaga sa bata sa kasaysayan ng B.C. Sa susunod na tatlong taon, mamumuhunan ang ating pamahalaan ng higit sa \$1.3 bilyon sa de-kalidad, abot-kaya, nakukuhang pangangalaga sa bata.

- » Nagbibigay ng bawas sa babayaran para sa mga magulang ng mga batang nasa lisensiyadong pangangalaga na hanggang \$350 bawat buwan, \$4,200 bawat taon, para sa higit sa 52,000 espasyo sa pangangalaga ng bata
- » Ipinapakilala ang Affordable Child Care Benefit, na makukuha ng lahat ng pamilya sa B.C. na kumikita ng hanggang \$111,000, na nakakatipid para sa kanila ng hanggang \$15,000 bawat taon, bawat bata
- » Nagbibigay ng \$237 milyon sa loob ng tatlong taon para suportahan ang paggawa ng 22,000 bagong lisensiyadong mga espasyo sa pangangalaga ng bata

**SAMA-SAMA, ANG B.C. ANG CHILD OPPORTUNITY BENEFIT, ANG AFFORDABLE CHILD CARE BENEFIT, AT ANG PAGBABAWAS NG BAYAD PARA SA LISENSIYADONG MGA ESPASYO SA PANGANGALAGA NG BATA AY MAGBABALIK NG HANGGANG \$20,000 SA MGA BULSA NG MGA PAMILYA SA B.C. NA MAY ISANG ANAK, AT HANGGANG \$28,000 SA MGA MAY DALAWANG ANAK, BAWAT TAON.**



Tinutugunan ng Budget 2019 ang mga seryosong hindi pagkakapantay-pantay na may kinalaman sa pangangalaga sa mga taong pinakanangangailangan ng tulong sa B.C. mula sa mga inaalagaang bata hanggang sa mga taong namumuhay ng may mga kapansanan. Pagkaraan ng ilang taong pagpapabaya, namumuhunan kami sa pangangalaga at mga caregiver na tulongan ang mga pinakanangangailangan na mamuhay nang mas mabuti.

## PAGSUPPORTA SA CAREGIVERS

- » Makikita ng mga provider ng homeshare ng Community Living BC ang unang pagtaas ng kanilang kompensasyon simula noong 2009
- » Ang mga caregiver na nakabase sa mga pamilya na tumitingin sa mga bata ay makikita ang suportang kabayaran nila na tataas nang \$179 bawat buwan simula Abril 1, 2019, ang unang pagtaas sa loob ng isang dekada
- » Daragdagan ang suportang kabayaran para sa extended na pamilya, tulad ng mga lolo at lola, at mga tiyahin na sumusuporta sa mga bata at nangangalaga sa kanila, para tumugma sa mga suportang kabayaran para sa mga foster parent

## PAG-ALIS NG INTERES SA B.C. MGA PAUTANG SA MAG-AARAL

Ang mga British Columbian na magtatapos sa post-secondary na mga institusyon ay nakabaon sa masyadong maraming utang. Dapat buksan ng mas mataas na edukasyon ang mga pinto, hindi gawing mas mahirap upang umasenso.

**PARA MATULUNGAN ANG MGA KABATAAN AT MGA BAGONG PAMILYA NA MAGKAROON NG MABUTING SIMULA SA KANILANG MGA BUHAY AT KARERA, INAALIS NAMIN ANG INTERES SA LAHAT NG MGA PAUTANG NG B.C. SA MAG-AARAL SIMULA PEBRERO 19, 2019, NA TUMUTULONG SA SINUMANG MAY DI-NABAYARANG PAUTANG SA ESTUDYANTE NGAYON.**

Halimbawa, ang sang taong may \$11,200 na mga pamprobinsiyang pautang o \$28,000 sa pinagsamang federal at pamprobinsiyang pautang na utang ay makakatipid ng tinatayang \$2,300 sa mga singil na interes sa kanilang pautang ng B.C. sa mag-aaral sa loob ng 10 taong panahon ng pagbabayad muli.

### DATI:

\$2,300 interes ng pautang ng B.C. sa mag-aaral sa loob ng 10 taon

**\$2,300**

### PAGKATAPOS:

\$0 interes ng pautang ng B.C. sa mag-aaral sa loob ng 10 taon

**\$0**



**\$2,300 ang NATIPID**

## PAGPAPATAAS SA ANTAS NG PAGTULONG PARA SA MGA TAONG NANGANGAILANGAN NG SUPPORTA


Ang isa sa mga unang bagay na ginawa namin nang binuo ang pamahalaan ay itaas ang antas ng income at disability. Iyon ang unang makabuluhang pagtaas ng mga antas ng pagtulong sa loob ng 10 taon at ang unang hakbang sa pagtulong sa mga taong nangangailangan ng tulong na bumuo ng mas mabuting buhay.

**PINAPATAAS NG BUDGET 2019 ANG MGA ANTAS NG INCOME AT DISABILITY NANG \$50 BAWAT BUWAN. SIMULA 2017, TINAASAN NG PAMAHALAAN ANG MGA ANTAS NANG \$150 BAWAT BUWAN, O \$1,800 BAWAT TAON.**

# MGA TAHANAN PARA SA B.C.: ULAT NG PAGSULONG

**PARA SA MGA TAONG NABUBUHAY NANG SUWELDO SA SUWELDO, ANG ISANG HINDI INAASAHANG GASTOS — TULAD NG PAGKASIRA NG IYONG KOTSE — AY MAAARING MASYADONG MAKAAPKTO SA BUWANANG BUDGET NG PAMILYA.**

Kung dumaranas ka ng hirap, hindi dapat iyon magresulta sa pagkawala ng tahanan ng iyong pamilya. Pitong komunidad sa B.C. ang kasalukuyang nagpapatakbo ng mga rent bank, na nagbibigay ng mga panandaliang pautang nang may maliit o walang interes sa mga naninirahang mababa ang kita na hindi kayang bayaran ang kanilang renta dahil sa pinansiyal na krisis.



Naglalaan ng pagpopondo ang pamahalaan para sa mga rent bank na susuporta sa mga nagrerenta sa buong probinsiya na nangangailangan ng kagyat, panandaliang pautang para maiwasan ang hindi kinakailangang pagpapaalis.

## PAGGAWA NG MGA BAGONG NAKAKAYANANG TAHANAN AT PAMAMAGITAN SA MERKADO


**ANG HOMES FOR B.C. AY NAGLATAG NG AMBISYOSONG PLANO NA MAGTAYO NG 114,000 NAKAKAYANANG TAHANAN SA LOOB NG 10 TAON.**

Sa unang taon lang nito, 17,000 na tahanan ang naitayo na o itinatayo pa, kabilang ang:

- » 4,900 na bagong nakakayanang tahananang paupahan para sa may mixed income
- » Mahigit 2,000 bagong mga modular home
- » 280 na bagong transition home para sa mga babae at bata na tumakas sa karahasan at pang-aabuso
- » 2,295 bagong tahanan para sa mga mag-aaral sa kampus
- » 1,750 bagong unit ng social housing sa loob at labas ng reserve para sa mga katutubong tao

Sa nakaraang taon, gumawa kami ng mahalagang mga hakbang para mamagitan sa merkado ng pabahay ng B.C. at gawing mas abot-kaya ang mga tahanan para sa mga British Columbian. Kabilang dito ang:

- » Pagbubuwis sa mga speculator at bakanteng mga tahanan na nagpapataas sa mga gastos sa pabahay; at
- » Pagpapataas nang 20% sa tax rate ng mga banyagang mamimili at pagpapalawak dito sa mga lugar sa labas ng Metro Vancouver




Wala pang isang taon, nakakakita na tayo ng mga resulta. Halimbawa, sa loob ng nakalipas na anim na buwan, ang benchmark na presyo para sa iisang family homes sa Greater Vancouver ay bumaba nang 8.3%, bumaba ang mga presyo ng condo nang 6.6%, at bumaba ang mga presyo ng townhome nang 6.2%.

## MAS MAHUSAY NA SEGURIDAD PARA SA MGA NANGUNGUPAHAN

*Napataas ng Home For B.C.* ang seguridad para sa mga nangungupahan sa pamamagitan ng:

- » Pagpapataas sa mga benepisyo sa mga pamilyang may mababang kita sa average na \$800 bawat taon, sa ilalim ng Rental Assistance Program
- » Paglilimita sa pagtaas ng renta sa antas ng inflation — na nakakatipid ng \$288 para sa isang taong nagbabayad ng \$1,200 bawat buwan sa renta sa taong ito
- » Pagsasara sa loophole sa fixed-term lease at pag-aalis sa geographic rent increase clause
- » Pagpapatibay sa mga proteksiyon at pagbabayad para sa mga naninirahan sa manufactured home park na nahaharap sa pagpapaalis
- » Naghahatid ng mas matatag na proteksiyon para sa mga tao na nahaharap sa potensiyal na mga renoviction at demoviction




Dinaragdagan ang mga benepisyo sa mga senior na namumuhay nang independiyente sa average na \$930 bawat taon, sa ilalim ng programa ng Shelter Aid for Elderly Renters (SAFER), palalakasin ang seguridad para sa mga senior.

# NAGHAHATID NG MAS MAHUHUSAY NA SERBISYO PARA SA IYONG PAMILYA

## MGA OSPITAL AT URGENT PRIMARY CARE CENTRE

Namumuhunan ang Budget 2019 ng higit sa \$1.3 bilyon sa kabuuang paggastos sa kalusugan sa loob ng tatlong taon, na nangangahulugang mas maraming mga doktor at nars, at mas maikling oras ng paghihintay para sa iyo at iyong pamilya.

- » Mula Terrace hanggang Dawson Creek hanggang North Vancouver, nagtatayo kami, nag-aayos, at nagpapalaki ng mga ospital para matugunan ang mga pangangailangan sa kalusugan ngayon at para sa mga hinaharap na henerasyon
- » Higit pang pagpopondo para sa BC Cancer Agency, na nagpapataas sa bilang ng mga operasyong nauugnay sa kanser, diagnostic imaging, nagpapalawak sa mga PET at CT scan at mas mataas na mga demand sa chemotherapy
- » Sumusuporta sa BC Children's and Women's na mga ospital para magbigay ng serbisyo para sa mga babae, bata, bagong-silang na sanggol at pamilya




Simula noong 2018, nagdagdag kami ng higit sa 800 oras ng operating time ng MRI bawat linggo at nagbigay ng 37,000 pang MRI exam sa buong probinsiya sa taong ito kumpara sa ginawa natin noong nakaraang taon.

## FAIR PHARMACARE


Naging mas abot-kaya ang nakaresetang gamot ng higit sa 240,000 pamilya sa B.C. ngayong Enero, salamat sa pamumuhunan ng \$105 milyon sa programa ng Fair PharmaCare.

Hanggang noong Enero 1, 2019, ang mga sambahayang kumikita ng hanggang \$45,000 sa net income taon-taon ay nakakaipon sa pagitan ng \$300 at \$600 sa mga ibinabawas, na ginagawang mas abot-kaya ang mga nakaresetang gamot para sa mga tao kapag kailangan nila ang mga ito.



Isang bagong pamumuhunan ng \$42 milyon ang magagamit para sa higit pang mga opsyon sa gamot, kabilang ang mga gamot para sa pulmonary arterial hypertension, diyabetes, hika at impeksiyon sa mata.

## KALUSUGAN NG PAG-IISIP



Bilang bahagi ng Budget 2019, sumusulong tayo gamit ang \$74 milyong pamumuhunan para mapahusay ang akses sa pangangalaga sa kalusugan ng pag-iisip para sa mga bata at kabataan.

- » Higit pang mga Foundry centre para sa mga kabataang nasa edad 12-24 para maghatid ng mga pinagsama-samang serbisyo sa ilalim ng isang bubong
- » Higit pang mga programa, kabilang ang sa mga paaralan, para masuportahan ng mga magulang at pamilya ang pag-unlad ng mga bata sa maagang mga taon
- » Mas espesyalisadong pangangalaga sa pamilya at day treatment para sa mga kabataan para matugunan ang kanilang mga pangangailangan

## EDUKASYON

Namumuhunan ang Budget 2019 ng \$2.7 bilyon para mapanatili, mapalitan, maayos at mapalawak ang mga pasilidad ng K-12 sa loob ng susunod na tatlong taon, kabilang ang:

- » Isang bago, mas ligtas sa lindol na paaralan para sa Burnaby North Secondary
- » Mga seismic upgrade para sa Mountainside Secondary sa North Vancouver
- » Isang kapalit na paaralan para sa Walnut Park Elementary sa Bulkley Valley
- » Isang bagong Northeast Elementary School sa Fort St. John
- » Isang pagpapalawak para sa Royal Bay Secondary sa Sooke School District
- » Isang bagong paaralan para sa South Side Area Elementary-Middle school sa Chilliwack
- » Isang bagong Lake Country Jr Middle School sa Central Okanagan
- » Isang pagpapalawak sa Sullivan Heights Secondary sa Surrey

**GUMAGAWA KAMI NG 5,500 BAGONG LUGAR NG MAG-AARAL SA BUONG B.C. PARA MAKATULONG NA MAILIPAT ANG MGA BATA MULA SA MGA PALIPAT-LIPAT PATUNGO SA MGA SILID-ARALAN, KASAMA NG BAGO O NA-UPGRADE NA MGA PALARUAN AT PAARALAN.**

Naghahatid ang Budget 2019 ng higit sa \$550 milyon sa karagdagang suporta para sa ating sistema ng pampublikong edukasyon. Kinabibilangan ito ng tumaas na pamumuhunan na \$58 milyon para sa Classroom Enhancement Fund, kabilang ang paghirang sa higit sa 4,000 bagong guro.

# NAMUMUHUNAN SA ISANG MALAKAS, SUSTINABLENG EKONOMIYA NA GUMAGANA PARA SA IYO

## CLEANBC

Naglalatag ang Budget 2019 ng bagong pagpopondo para sa mga inisyatiba ng CleanBC na may kabuuang \$902 milyon sa loob ng tatlong taon — tumitiyak na maaabot natin ang mga pangako para sa klima at maprotektahan ang ating malinis na hangin, lupa, at tubig.

### KINABIBILANGAN ITO NG \$41 MILYON SA LOOB NG TATLONG TAON PARA GAWING MAS ACCESSIBLE AT ABOT-KAYA ANG MGA PAGPAPAHUSAY SA PAGTITIPID NG ENERHIYA PARA SA LAHAT NG BRITISH COLUMBIAN.

Para makatipid ng pera ang mga pamilya sa kanilang mga gastos sa pagpapaayos, sinusuportahan namin ang mga retrofit ng clean energy para sa tahanan ng mga tao. Maaring tumanggap ang mga tao ng:

- » \$2,000 para magpalit ng heating system na fossil fuel (langis, propane o natural gas) at gumamit ng electric air-source na heat pump
- » Hanggang \$1,000 para i-upgrade ang kanilang mga bintana at pintuan para mas mahusay na naka-insulate
- » Hanggang \$700 tungo sa isang mas mataas na efficiency na natural na gas furnace

Namumuhunan kami ng milyon-milyong dolyar para gawing mas abot-kaya ang mga sasakyang zero-emission para sa mga tao sa B.C. Makakatipid ito para sa mga tao ng hanggang \$6,000 sa kanilang pagbili, at tinatayang \$1,500 bawat taon sa mga gastos sa gas.

### SA BUDGET 2019, PINAPALAKAS NAMIN ANG TAX CREDIT SA PAGKILOS PARA SA KLIMA SA 2019, 2020 AT 2021.

Mula Hulyo 1, 2019, ang maximum na taunang tax credit sa pagkiilos para sa klima ay tataas nang 14% para sa mga adult at bata, na nangangahulugan na ang mga pamilyang nasa mababa at panggitnang income na pamilyang may apat na kasapi ay tatanggap ng:

- » Hanggang \$400 simula Hulyo 1, 2019, at
- » \$500 simula Hulyo 1, 2021

Nangangahulugan din ang paggawang mas accessible ang mga sasakyang zero-emission ng pagkakaroon ng imprastruktura para suportahan ang paggamit sa mga ito:

- » \$20 milyon para sa bagong pampublikong mga istasyon ng mabilis na pag-charge at mga istasyon ng pagkarga ng hydrogen fuel
- » \$6 milyon para suportahan ang sektor ng clean energy na sasakyan, kabilang ang mga programa ng pagsasanay para sa mga mekaniko at electrician ng sasakyan



Tutulong ang CleanBC sa B.C. na kunin ang mga bagong pagkakataon sa mababang karbon sa probinsiya, pakilusin ang ating mga bihasang manggagawa, at mabawasan ang polusyon ng klima.

Nauunawaan namin na hindi pare-pareho sa bawat komunidad ang pagsubaybay sa pagbabago ng klima. Kaya naman namumuhunan kami ng \$15 milyon sa taong ito para matiyak na nasusuportahan ang mga malalayong komunidad habang lumilipat sila sa mas malinis na enerhiya.

## PAMAMAHALA SA WILDFIRE

Nagsimula ang Budget 2018 na may \$72 milyong pamumuhunan para suportahan ang wildfire resilience at recovery na pagsisikap sa mga komunidad. Naglalaan ang Budget 2019 ng karagdagan \$111 milyon sa loob ng tatlong taon para mapalakas ang mga pagsisikap ng B.C. para mahadlangan at rumesponde sa mga wildfire, at \$13 milyon para sa pagpapanumbalik ng gubat sa mga lugar na napinsala ng peste at mga wildfire.

## NAG-UUGNAY SA ATING MGA KOMUNIDAD

### GINAGAWA NAMIN ANG MGA KALSADA, OSPITAL, AT PAARALANG KINAKAILANGAN NG B.C. GAMIT ANG PAMUMUHUNAN NA HIGIT SA \$20 BILYON SA IMPRASTRUKTURA SA MGA KOMUNIDAD SA BUONG PROBINSIYA, NA SUMUSUPORTA SA LIBO-LIBONG TRABAHO SA PANAHON NG KONSTRUKSIYON.

Para matugunan ang kasalukuyan at panghinaharap na mga pangangailangan sa transportasyon at panatilihin nakakapagbiyahe ang mga tao, namumuhunan kami \$6.6 bilyon sa mga proyektong pangtransportasyon, kabilang ang:

- » Pagpapalit sa Pattullo Bridge
- » Pagtatayo sa subway ng Broadway
- » Paggawang apat na lane sa Highway 1 hanggang Kicking Horse Canyon
- » Pagpapalit sa Bruhn Bridge sa Sicamous

Namumuhunan kami sa mas mahusay na pampublikong sasakyan sa pamamagitan ng karagdagan \$21 milyon para mapalawak ang mga serbisyo ng BC Transit sa 30 komunidad sa buong probinsiya.

# TUNAY AT PANGMATAGALANG PAGKAKAISA

**KASAMA NG MGA KATUTUBONG TAO, GUMAGAWA KAMI NG MGA KONKRETONG PAGKILOS PARA SUPORTAHAN ANG MGA MALULUSOG NA KOMUNIDAD AT BUMUO NG MAS MAHUSAY NA HINAHARAP PARA SA LAHAT SA B.C.**

## PAGHAHATI-HATI SA KITA

Bilang bahagi ng Budget 2019, B.C. Ang mga First Nation ay magkakaroon na ngayon ng matatag, pangmatagalang pagmumulan ng pondo para mamuhunan sa pamamahala sa sarili, pangkulturang pagpapasigla at mga serbisyong mas nagpapabuti sa buhay ng mga pamilya.

Nangangahulugan ang pangakong ito ng tinatayang \$3 bilyon sa nakabahaging kita ng probinsiya sa loob ng susunod na 25 taon para suportahan ang mga komunidad ng First Nations, kabilang ang tinatayang \$300 milyon sa loob ng susunod na tatlong taon.

Ang makasaysayang pangakong ito para isulong ang pagkakaiba ay sumusuporta sa mga gawaing ginagawa na namin:

-  Ginagawang Moderno ang proseso ng Pagsusuring Pangkapaligiran
-  Ipinapatupad ang mga rekomendasyon ni Grand Chief Ed John na tumulong na mapanatiling wala sa pangangalaga ang mga batang katutubo
-  \$550 milyon sa loob ng 10 taon para suportahan ang pagtatayo ng 1,750 abot-kayang unit ng pabahay para sa mga nasa loob at labas ng reserve
-  \$50 milyon para sa gawain ng First Peoples' Cultural Council at mga komunidad ng First Nations para mapanumbalik ang mga wika ng Katutubo
-  Isang bagong kurikulum ng K-12 na tumitiyak na ang lahat ng mga bata sa British Columbia ay tinuturuan tungkol sa katutubong kultura at kasaysayan

# RESPONSABLENG PISKAL NA PAMAMAHALA


Sa susunod na tatlong taon ng piskal na plano, patuloy na magkakaroon ang pamahalaan ng mga surplus na \$274 milyon, \$287 milyon, at \$585 milyon sa 2019–20, 2020–21, at 2021–22 nang naayon sa pagkasunod-sunod.

Nananatili ang B.C. bilang ang tanging probinsiya na may AAA credit rating mula sa tatlong pangunahing pandaigdigang mga ahensiya sa rating at ang aming ratio ng debt-to-GDP ay nasa pinakamababang punto nito simula noong 2008 na krisis sa pananalapi.

**BINIBIGYANG-DAAN NG MAINGAT NA PISKAL NA PAMAMAHALA ANG PAMAHALAAN NA MAALIS NG PAMAHALAAN ANG OPERATING DEBT NG BRITISH COLUMBIA SA Q2 NG 2018–19 PISKAL NA TAON SA UNANG PAGKAKATAON SA LOOB NG 40 TAON.**

## NANGUNGUNA SA EKONOMIYA SA CANADA ANG B.C.

Malakas ang ekonomiya ng British Columbia at inaasahang pangungunahan ang bansa sa paglago sa 2019 at 2020.



Ang B.C. ang may pinakamalakas na ekonomiya sa bansa na may pinamakataas na inaasahang tunay na paglago ng GDP, pinakamababang antas ng kawalan ng trabaho, at pinakamalaking pagtaas ng sahod sa buong bansa. Noong nakaraang taon, tumaas ang sahod sa British Columbia nang 4.1%, na nangunguna sa buong Canada. Ito ang pinakamalaking pagtaas ng sahod sa B.C. sa loob ng isang dekada.

**NANANATILING PINAKAMABABA SA CANADA ANG ANTAS NG KAWALAN NG TRABAHO SA B.C. — SA IKA-17 BUWAN NA SUNOD-SUNOD — SA 4.7% NOONG ENERO 2019. PINAPALAKAS NG MGA TRABAHO SA PRIBADONG SEKTOR ANG PAGLAGO NG PAGKAEMPLOYO SA PROBINSIYA, NANG MAY PAGTAAS NA 64,800 SA NAKARAANG TAON.**

# GINAGAWANG MAS MABUTI ANG BUHAY PARA SA IYO

**GAMIT ANG PANGAKO NG PAMAHALAAN SA PAGIGING ABOT- KAYA, NAGBABALIK ANG BUDGET 2019 NG MAS MARAMING PERA SA MGA BULSA NG MGA PAMILYA SA PAMAMAGITAN NG MGA MALALAKING PAMUMUHUNAN SA MGA PROGRAMA AT PAGBABAWAS NG BUWIS PARA MAPABUTI ANG BUHAY PARA SA MGA NAGTATRAHAHO AT PANGGITNANG-URING PAMILYA.**

Ang karaniwang pamilyang may apat na miyembro na kumikita ng \$70,000 at nakatira sa Metro Vancouver ay maaaring makatipid ng hanggang \$26,675 bawat taon at \$8,000 sa minsanang pagtitipid, salamat sa:


- » Pag-aalis ng MSP — hanggang \$1,800 bawat taon
- » Pag-aalis ng interes sa pautang sa mag-aaral — ang isang indibidwal na may \$10,000 sa mga provincial loan ay makakatipid ng tinatayang \$200 bawat taon sa mga intrest charge pagkaraan ng pagtatapos
- » B.C. Child Opportunity Benefit — hanggang \$1,380 bawat taon
- » Abot-kayang Child Care Benefit — hanggang \$14,895 bawat taon
- » Inisyatiba sa Pagpapababa ng Child Care Fee — hanggang \$5,400 bawat taon
- » Pag-aalis ng Mga Toll sa Port Mann at Golden Ears — hanggang \$1,500 bawat taon
- » Mga katipiran sa electric na sasakyan — hanggang \$6,000 kapag bumibili ng electric na sasakyan at tinatayang \$1,500 bawat taon sa mga gastos sa gas
- » Mga katipiran sa heat pump — hanggang \$2,000 para palitan ang heating system na gumagamit ng fossil fuel

## SA 2020, KABUANG MGA KATIPIRAN NANG HANGGANG:


- » \$26,675 bawat taon, at
- » 8,000 sa minsanang katipiran



**SA 2020, ANG ISANG PAMILYANG MAY APAT NA KASAPI NA KUMIKITA NG \$80,000 AY MAKAKATIPID NG HALOS \$2,400 SA MGA BUWIS**



**SA 2020, ANG ISANG PAMILYANG MAY APAT NA MIYEMBRO NA KUMIKITA NG \$60,000 AY MAKAKATIPID NG HALOS \$2,500 SA MGA BUWIS**



## PARA SA HIGIT PANG IMPORMASYON

Mga Detalye ng Budget 2019: [www.bcbudget.ca](http://www.bcbudget.ca)  
 Ministry of Finance: [www.gov.bc.ca/fin](http://www.gov.bc.ca/fin)

*Inilathala ang dokumentong ito sa papel na environmentally conscious walang Elemental Chlorine, naglalaman ng recycled na fibre at 100% nare-recycle. Kasama sa produksyon ng dokumentong ito ang mga pinakamahusay na kasanayan para sa konserbasyon. Mag-reduce, Mag-reuse, at Mag-recycle.*

